Records file 4/11

REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines

PHILIPPINES 2000
*Sama-Sama sa DECS*

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

APR 06 2001

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 114 , s. 2001

PRAGMATIKS NG WIKA AT PANITIKANG FILIPINO:
TEORYA, LAPIT, AT GAMIT SA KLASRUM

Sa mga: Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Patnugot ng mga Pribadong Paaralan, Elementarya at Sekundarya

1. Ang Departamento ng Filipino, Kolehiyo ng Miriam at ng Pambansang Samahan ng Katipunan ng mga Guro sa Filipino (KAGURO) ay magdaraos ng pambansang seminar-worksyap na pinamagatang "Pragmatiks ng Wika at Panitikang Filipino: Teorya, Lapit, at Gamit sa Klasrum" sa Mayo 9-11, 2001 sa AVR C & D ng naturang kolehiyo.

2. Ang mga layunin ng seminar-worksyap ay ang mga sumusunod:

a. matukoy at matalakay ang mga napapanahon na mga teorya sa akademik na larangan sa Wika, Wikang Filipino at Panitikang Filipino;

b. makapagbuo ng mga mungkahi sa pagbabago ng mga silabus sa wika at panitikan at natukoy na na MLCs sa CHED at DECS;

c. makabuo ng desenyo ng mga silabus batay sa mga buhay na karanasan ng mga kalahok; at

d. makabuo ng mga gabay na materyales bilang suporta sa mga mungkahing pagbabago sa mga silabus bilang pag-aangkop sa mga kagyat na pangangailangan sa klasrum.

3. Limitado ang bilang ng mga kalahok, kayat ang mga kinatawan bawat rehiyon ay dalawa hanggang tatlo lamang. Inaasahang ang mga kalahok ay may sapat na karanasan at may pangmatagalang perspektib na magpakadalubhasa sa wikang Filipino at panitikang Filipino.

4. Ang rehistrasyon ng bawat kinatawan ay Tatlong Libong Piso (P3,000.00). Kasama na dito ang tanghalian, miryenda at training kit. Hindi kasama ang akomodasyon pero maaaring magpareserba sa kanilang Bahay Silungan. Ang mga kalahok mula sa pampublikong paaralan ay pinapayagang dumalo <u>sa opisyal na oras lamang</u>.

5. Para sa reserbasyon, makipag-ugnayan sa Sekretaryat ng Summer Institute 2001 sa Departamento ng Filipino, Miriam College, sa tel. bilang 927-24-21 local 240; fax blg. 435-92-32. Hanapin ang alin sa mga ito: Dr. Aurelio Agcaoili, Direktor; Prof. Tess Semorlan o Prof. Lani Abad, katuwang na direktor, o Gng. Del Ramirez, sekretarya ng Academic Coordinators' Office.

6. Inaasahan ang malawak na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ISAGANI R. CRUZ
Pangalawang Kalihim

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

SEMINARS
WORKSHOPS